

## Hihilingin ba na magbayad ako ng multa sa nahuling bayad?

May mga kompanya ng telepono na sisingil ng multa kung hindi nila natanggap ang buong bayad sa bayaran sa takdang araw. Dapat sabihin sa bayaran ng telepono kung kailan may multa sa nahuling bayad, at kung magkano ito.

Hindi maaring lalampas ng 1.5% bawat buwan ang multa ng nahuling bayad. Maaring mas mataas ang sisingilin ng mga kompanyang nagbibigay ng serbisyong “wireless” o “internet”.



## Kailangan bang bayaran ko ang mga singil na hindi ako sang-ayon? Sisingilin ba ako ng multa sa ganoong mga bayarin?

Kung hindi kayo sang-ayon sa isang singil sa inyong bayaran, makipag-alam agad sa kompanya upang maghain ng sumbong tungkol sa singil na iyan. Habang nagsisiyasat ang kompanya tungkol sa inyong sumbong, hindi kailangan bayaran ang singil, at hindi maaring singilin kayo ng multa sa singil na iyan.

Maari kayong magharap ng sumbong sa CPUC kung hindi kayo nasiyahan sa pasiya ng kompanya. Kailangan kayo magdeposito ng halagang katumbas sa inyong nirereklamo upang hindi puputulin ang inyong serbisyo, at hindi kayo sisingilin ng multa sa nahuling bayad.

## Maari bang putulin ng kompanya ang akting serbisyo sa telepono?

Maaring putulin ang inyong serbisyo sa telepono:


- Kung hindi ninyo binayaran ang bayaran,
- Naglagay kayo ng impormasyon na hindi totoo sa pormularyong iharap ninyo para sa serbisyo,
- Madalas kayong nahuhuli sa pagbabayad ng bayaran,
- Hindi tama ang paggamit ng serbisyo o kagamitan, o
- Nilabag ang kasunduan sa serbisyo.

Hindi maaring putulin ng ilang mga kompanya ang inyong serbisyo panglokal na “basic” kahit na hindi ninyo binayaran ang mga ibang serbisyo kagaya ng “long distance”, “internet access” o serbisyong “wireless”. Ngunit maari nilang hadlangan ang mga

serbisyo na hindi ninyo binayaran.

Maaring putulin ng kompanya ng telepono ang inyong serbisyong panglokal kung wala kayong binayaran sa bayaran. Kadalasan ay magpapadala ang kompanya sa inyo ng isang babala na puputulin nila ang inyong serbisyo kung hindi kayo magpadala ng bayad sa loob ng pitong araw. Tanongin ninyo sa inyong kompanya kung ano ang patakaran nila kasi nag-iiba-iba ang patakaran tungkol sa bagay na ito.

Kahit na naputul lahat ng inyong serbisyo dahil sa hindi pagbayad, kinakailangan na payagan kayong makatawag sa pang-emerhensiyang numero na 911 mula sa naputulang linya ng telepono. Kailangan lang ang mga bateryang kargado upang makatawag sa teleponong “wireless” sa 911.




Kapag nabayaran na ninyo ang bayaran, maari ng hilingin na ikabit ang inyong serbisyo sa telepono; ngunit maaring may singil sa pagkabit ng serbisyo at maaring hihilingin kayo ng deposito.

Maaring hindi maibibigay sa inyo ang dating inyong numero dahil sa madalas na pinagagamit sa iba ang numero ng telepono.

Hindi maari kayong hadlangan kung nais ninyong lumipat sa ibang kompanya ng telepono, kahit na hindi pa ninyo nabayaran ang bayaran. Ngunit dahil sa bayaran na iyan maari kayong hilingin ng deposito, o limitahin

ang inyong serbisyo ang bagong kompanya ninyo.



## Sisingilan ba ako ng deposito?

Ang kompanya ng telepono ay maaring hilingan kayo ng deposito kung hindi mahusay ang inyong historia sa pagbabayad, o hindi pa ninyo napatunayan ang mabuting “credit rating”.

Kung naputul ang inyong serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, maaring hilingan kayo ng deposito bago ikabit muli ito.

Hindi nagbabayad ng deposito mga klienteng nasa serbisyong pangmababang-sahod na tinatawagang “California Lifeline” (o ULTS).

Isasauli sa inyo ang deposito pagkatapos ng napapanahon na pagbabayad ninyo sa loob ng isang taon, o kung kayo’y nagpaputul ng serbisyo, anuman ang mas mauna nito.



*Mga Nahuling  
Bayad, Naputul  
na Serbisyo at  
Deposito:  
Ang Kailangan  
na Malaman  
Ninyo*

Kung nahirapan kayong magbayad ng bayaran sa telepono, maaring singilin kayo ng multa sa nahuling bayad, putulin ang inyong serbisyo at hilingin kayo ng deposito upang ikabit muli ang serbisyo.



[www.calphoneinfo.com](http://www.calphoneinfo.com)  
1 (800) 649 7570 – "Hotline" ng CPUC

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

[www.cpuc.ca.gov](http://www.cpuc.ca.gov)  
[www.fcc.gov](http://www.fcc.gov)  
[www.ftc.gov](http://www.ftc.gov)



Kid Keypad © 2006 Charles Boyce - Compaq/Icon Characters

Ako'y si "Keypad Kid" na naghahatid sa inyo ng *"Plain Talk Series"* tungkol sa impormasyon sa telepono!

Kung kayo at ang inyong kompanya ng telepono ay mayroong hindi malutas ng pagtatalo, maghain ng sumbong sa [www.calphoneinfo.com](http://www.calphoneinfo.com) o tumawag sa "CPUC hotline" sa 1-800-649-7570.

**Late Payment Fees, Disconnections and Deposits**



Multa sa Nahuling  
Bayad.  
Serbisyong Naputul  
Mga Deposito



Tinatangkilik ng "California Public Utilities Commission" katulong ang mga kompanya ng telepono at mga organisasyong pang-komunidad.

[www.calphoneinfo.com](http://www.calphoneinfo.com)

Tagalog, Feb. 2008